COUNTY OF SANTA CLARA
Health System

ABISO NG MGA PATAKARAN SA PAGKAPRIBADO
Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: Disyembre 6, 2021

Inilalarawan ng Abisong ito kung paano maaaring gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa inyo at kung paano kayo magkakaroon ng access sa impormasyong ito. PAKIBASA ITO NANG MABUTI.

SINO ANG SUSUNOD SA ABISONG ITO

Ang Health System ng County ng Santa Clara (County of Santa Clara Health System, CSCHS) ay isang kumprehensibong ligtas na system sa pangangalagang pangkalusugan na pagmamay-ari at pinatatakbo ng County ng Santa Clara ("County"). Ang CSCHS ay binubuo ng maraming departamento ng County na ang mga bahagi nito ay parte ng itinalagang Covered Entity ng County sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996, Public Law 104-191 ("HIPAA"). Kasama sa Covered Entity ng County ang mga sumusunod na departamento: Santa Clara Valley Medical Center Hospital and Clinics, O'Connor Hospital, St. Louise Regional Hospital, Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali, mga bahagi ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan, Custody Health Services, at Valley Health Plan. Ibinabahagi ng mga departamento ng CSCHS sa isa't isa ang impormasyon sa kalusugan ng pasyente para sa mga layunin ng pagbibigay ng pinag-isang pangangalaga at pagkoordina ng mga referral at serbisyo para sa mga pasyente ng CSCHS, para sa mga aktibidad na nauugnay sa administratibong pangangasiwa, pagsingil at pagtupad, para sa pagsusuri at ebalwasyon ng mga serbisyong ibinibigay ng mga departamento ng CSCHS, at para sa paglalagay ng datos sa, at pagpapanatili ng, pinagsamang elektronikong talaan ng kalusugan ng CSCHS. Kung tumatanggap kayo ng pangangalaga mula sa alinman sa mga departamento ng CSCHS, maaaring ibahagi sa mga departamento ng CSCHS ayon sa pinahihintulutan ng batas ang impormasyon ng inyong medikal na paggamot, paggamot sa kalusugan ng isip, paggamot sa pagkagumon sa droga at alak at iba pang impormasyon.

ANG AMING PANGAKO KAUGNAY NG MEDIKAL NA IMPORMASYON

Nangangako ang CSCHS na poprotektahan ang pagkapribado ng impormasyon ng inyong medikal na paggamot, paggamot sa kalusugan ng isip, paggamot sa pagkagumon sa substansya, at iba pang impormasyon sa kalusugan. Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado ng inyong impormasyon sa kalusugan at sundin ang mga hinihingi ng batas at mga patakaran sa pagkapribado na inilalarawan sa abisong ito.

Ano ang Pinoprotektahang Impormasyon sa Kalusugan?

Pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan o "PHI": Anumang impormasyong nagpapakilala sa indibidwal, sa elektroniko o pisikal na format, hinggil sa medikal na kasaysayan, kundisyon ng isip o katawan o paggamot ng pasyente na may kasama o

naglalaman ng anumang elemento ng personal na nagpapakilalang impormasyon na sapat na nagbibigay-daan para makilala ang indibidwal gaya ng pangalan ng pasyente, address, e-mail address, numero ng telepono, numero ng Social Security, o iba pang impormasyon na, kahit nag-iisa o may kasamang iba pang bukas sa publiko na impormasyon, ay naghahayag sa pagkakakilanlan ng indibidwal.

ANG INYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA INYONG PINOPROTEKTAHANG IMPORMASYON SA KALUSUGAN

Mayroon kayo ng mga sumusunod na karapatan hinggil sa inyong PHI na pinananatili namin sa aming mga pasilidad. Mangyaring makipag-ugnayan sa Health Information Management Services (HIMS) Department Release of Information (ROI) unit ng Departamento ng CSCHS kung saan ninyo tinatanggap ang inyong mga serbisyo para sa mga kahilingan na nauugnay sa inyong mga karapatang nakalista sa ibaba.

Santa Clara Valley Medical Center Hospital and Clinics, Custody Health Services,
Behavioral Health Services Department
ATTN: ROI Unit
Health Information Management
751 S. Bascom Avenue
San Jose, CA 95128

O'Connor Hospital
ATTN: ROI Unit
Health Information Management
2105 Forest Ave
San Jose, CA 95128

St. Louise Regional Hospital
ATTN: ROI Unit
Health Information Management
9400 No Name Uno
Gilroy, CA 95020

Privacy Coordinator
Public Health Department
976 Lenzen Avenue
San Jose, CA 95126

Karapatang Maabisuhan tungkol sa Paglabag o Hindi Awtorisadong Pag-access

May karapatan kayong maabisuhan kung may nangyaring hindi awtorisadong pag-access sa inyong PHI o isang paglabag sa hindi naka-secure na PHI na kinauugnayan ng inyong impormasyon. Inaatasan kami na abisuhan kayo at bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa kung paano mapoprotektahan ang inyong personal na impormasyon.

Karapatang Tingnan at Kopyahin
May karapatan kayong hilingin na repasuhin at kopyahin ang inyong PHI, na may ilang mga pagbubukod. Kung hawak namin ang impormasyon sa elektronikong format, may karapatan kayong kunin ang inyong impormasyon sa kalusugan sa elektronikong format kung posible. Dapat nakasulat ang inyong kahilingan at isumite sa kontak sa departamento na nakalista sa itaas. Kung hihiling kayo ng kopya ng impormasyon, maaaring kaming maningil ng bayad para sa mga gastusin sa pagkopya, pagpapadala sa koreo o iba pang supply na nauugnay sa inyong kahilingan.

Karapatang Humingi ng Pagwawasto
Kung iniisip ninyong hindi tama at hindi kumpleto ang PHI na hawak namin tungkol sa inyo, maaari ninyong hingin sa amin na baguhin ang PHI sa inyong talaan. Dapat gawin nang nakasulat ang kahilingan para sa pagbabago at dapat magbigay ng dahilan na sumusuporta sa kahilingan. Isumite ang mga kahilingan sa kontak sa departamento na nakalista sa itaas. Kung hindi namin aaprubahan ang inyong kahilingan at pasulat na magbibigay ng dahilan kung bakit.

Karapatang Malaman kung Kanino Namin Ibinahagi ang Inyong Impormasyon
May karapatan kayong humingi ng “accounting ng mga pagsisiwalat” na nagpapakita kung kanino ibinahagi ng CSCHS ang inyong impormasyon sa kalusugan. Isa itong listahan ng mga paghahayag na ginawa namin sa PHI tungkol sa inyo bukod pa sa ginawa namin para sa paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan at sa iba pang pagbubukod alinsunod sa batas.

Ang kahilingan ay maaaring para sa anim na taon bago ang petsa ng kahilingan. Dapat nakasulat ang inyong kahilingan at isumite sa kontak sa departamento na nakalista sa itaas. Libre ang unang listahang hihilingin ninyo sa loob ng 12 buwang panahon. Para sa mga karagdagang listahan, maaaring singilin namin kayo para sa mga gastusin ng pagbibigay ng listahan at aabisuhan namin kayo nang maaga tungkol sa mga gastusing ito.

Karapatang Humingi ng mga Paghihigpit
May karapatan kayong hilingin na higpitan o limitahan namin ang aming paggamit at paghahayag ng ilang impomasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o mga operasyon ng pangangalagang pangkalusugan. May karapatan din kayong humiling ng limitasyon sa medikal na impormasyong inihahayag namin tungkol sa inyo sa isang taong nauugnay sa inyong pangangalaga o sa pagbabayad ng inyong pangangalaga, tulad ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. ***Hindi namin kinakailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan.*** Kung sasang-ayon kami, susundin namin ang inyong kahilingan, maliban na lang kung kinakailangan ang impormasyon upang magbigay ng emergency na paggamot sa inyo.

May karapatan kayong humiling ng paghihigpit o limitasyon sa ilang partikular na PHI na ibinibigay sa inyong planong pangkalusugan kung kayo mismo ang nagbayad para sa pangangalagang natanggap ninyo mula sa aming pasilidad (ibig sabihin, sa halip na ang inyong plano ng segurong pangkalusugan ang nagbayad para sa pangangalaga). Dapat nakasulat ang inyong kahilingan at isumite sa kontak sa departamento na nakalista sa itaas.

Karapatang Humiling ng mga Kumpidensyal na Komunikasyon
May karapatan kayong humiling na makipag-ugnayan kami sa inyo tungkol sa inyong PHI sa isang partikular na paraan o sa isang partikular na lokasyon. Halimbawa, maaari ninyong hilingin na makipag-ugnayan lang kami sa inyo sa trabaho o sa pamamagitan ng U.S. mail. Dapat nakasulat ang inyong kahilingan at isumite sa kontak sa departamento na nakalista sa itaas. Susubukan naming pagbigyan ang lahat ng ***makatwirang*** kahilingan.

Karapatan sa Nakasulat sa Papel na Kopya ng Abisong Ito
May karapatan kayo sa nakasulat sa papel na kopya ng Abisong ito, kahit pa sumang-ayon kayong tanggapin ang Abisong ito sa elektronikong paraan. Maaari kayong kumuha ng elektronikong kopya ng Abisong ito sa alinman sa aming mga lokasyon o sa pamamagitan ng aming website: https://www.scvmc.org/patients-visitors/services/notice-privacy-practices-npp

PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI ANG PINOPROTEKTAHANG IMPORMASYON SA KALUSUGAN
Para sa Paggamot
Maaari naming i-access, gamitin, at ibahagi ang inyong PHI upang mabigyan kayo ng paggamot o mga serbisyo. Maaari kaming maghayag ng medikal na impormasyon sa mga doktor, nars, teknikok, mag-aaral sa pangangalagang pangkalusugan, mag-aaral sa medisina, o iba pang tauhan ng sistema ng kalusugan na kasangkot sa inyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga iba pang provider na hindi sa CSCHS para sa pangangalaga o paggamot. Halimbawa, maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan kung inire-refer kayo sa ibang provider para sa mga serbisyo.

Para sa Pagbabayad
Maaari naming i-access, gamitin, at ibahagi ang inyong PHI para masingil ang paggamot at mga serbisyong natanggap ninyo at makolekta ang bayad mula sa inyo, sa isang kumpanya ng insurance o sa isang ikatlong partido. Kasama rito ang pagbibigay ng inyong impormasyon sa Departamento ng Pagkolekta ng Buwis sa County, na siyang responsable para sa pagkolekta ng hindi nabayarang pangangalaga at iba pang bayad na dapat bayaran sa County. Isa pang halimbawa ng paggamit para sa mga layunin ng pagbabayad, maaaring kailangan naming ibigay sa inyong planong pangkalusugan ang impormasyon tungkol sa paggamot na natanggap ninyo sa ospital nang sa gayon ay mabayaran kami ng inyong planong pangkalusugan para sa operasyon. Maaari rin kaming magbigay ng

pangunahing impormasyon tungkol sa inyo at sa inyong planong pangkalusugan, kumpanya ng insurance o iba pang pinagkukunan ng pambayad sa mga practitioner sa labas ng CSCHS na nauugnay sa inyong pangangalaga, upang matulungan sila sa pagsingil ng bayad para sa mga serbisyong ibinibigay nila sa inyo.

Para sa Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan

Maaari naming i-access, gamitin, at ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin ng operasyon ng pangangalagang pangkalusugan na kinabibilangan ng pamamahagi ng impormasyon upang sumunod sa mga batas at regulasyon, upang matugunan ang mga obligasyon sa kontrata, upang pahusayin ang kalidad ng pangangalaga, upang pangasiwaan ang mga programa sa pagsasanay at edukasyon sa loob ng CSCHS, o para suportahan ang mga aktibidad ng mga tauhang medikal. Halimbawa, maaari naming i-access, gamitin, at ihayag ang PHI upang masuri ang aming mga paggamot at serbisyo, at mabigyan ng ebalwasyon ang pagganap ng aming mga tauhan sa pangangalaga sa inyo.

Mga Kaakibat sa Negosyo at Kwalipikadong mga Organisasyon para sa Serbisyo

May ilang serbisyong ibinibigay sa aming organisasyon sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga kaakibat sa negosyo at para sa mga programa sa paggamot sa pagkagumon sa substansya, sa mga Kwalipikadong Organisasyon para sa Serbisyo. Nagbibigay ng mga serbisyo ang mga Business Associate at Kwalipikadong Organisasyon para sa Serbisyo sa ngalan ng Mga Departamento ng CSCHS na may kaugnay na paggamit o paghahayag ng impormasyon ng pasyente. Maaaring ihayag namin ang impormasyon ng inyong kalusugan sa aming mga kaakibat sa negosyo at kwalipikadong organisasyon para sa serbisyo, nang sa gayon ay magawa nila ang trabahong hiniling namin sa kanila. Inaatasan ng pederal na batas ang mga at kwalipikadong organisasyon para sa serbisyo na naaangkop na ingatan ang inyong impormasyon.

MGA IBA PANG PARAAN NA IBINABAHAGI NAMIN ANG INYONG PHI

Mga Dirktoryo ng Mga Pasilidad

Ang aming mga ospital at iba pang pasilidad ay nag-a-access at gumagamit ng PHI upang panatilihin ang mga direktoryo ng mga taong namamalagi sa aming mga pasilidad. Ito ay upang mabisita kayo sa ospital ng sinumang tumatawag o dumarating sa ospital, kabilang ang inyong pamilya at mga kaibigan at malaman nila ang kalagayan ninyo. Maaari kayong gumawa ng partikular na nakasulat na kahilingan upang pigilan ang pagsisiwalat ng inyong PHI sa ganitong paraan.

Kung kayo ay pasyente na tumatanggap ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip sa aming mga pang-inpatient o pang-outpatient na pasilidad sa kalusugan ng isip o naka-enroll sa isang programa sa paggamot sa pagkagumon sa substansya, hindi namin ihahayag ang inyong pangalan o anumang impormasyon na naghahayag na pasyente kayo maliban na lang kung partikular ninyo kaming pinahintulutan na gawin iyon.

Mga Aktibidad sa Pangangalap ng Pondo

Maaari naming gamitin ang ilang impormasyon para makaugnayan kayo para sa layunin ng pangangalap ng pera para sa mga ospital at magkakaroon kayo ng karapatang mag-opt out mula sa pagtanggap ng ganoong mga komunikasyon sa bawat pag-solicit. Para sa parehong layunin, maaari naming ibigay ang inyong pangalan sa Valley Medical Center Foundation, ang opisyal na hindi pinagkakakitaang kawang-gawang organisasyon na nangangalap ng mga pondo bilang pansuporta sa Santa Clara Valley Medical Center Hospitals and Clinics, kasama ang O'Connor Hospital at St. Louise Regional Hospital. Ang malilikom na pera ay gagamitin upang mapalawak at mapahusay ang mga serbisyo at programa na ibinibigay namin sa komunidad. Malaya kayong mag-opt out sa solicitation para sa pangangalap ng pondo, at hindi makakaapekto ang desisyon ninyo sa inyong paggamot o pagbabayad para sa mga serbisyo.

Mga paraan ng pag-opt out:
1. Tumawag sa VMC Foundation sa 408-885-5203;
2. Mag-email sa: vmcfoundation@hhs.sccgov.org
3. May kasamang form sa pagtugon ang solisitasyon sa pamamagitan ng direktang mail kung saan mayroong box dito na "huwag mag-solicit" at ipadala ito sa return address.

Mga indibidwal na nauugnay sa inyong pangangalaga o pagbabayad para sa inyong pangangalaga

Maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa isang miyembro ng pamilya, kaibigan, personal na kinatawan, o sinupamang gusto ninyong maging bahagi ng inyong pangangalaga o sinumang tumutulong sa pagbabayad para sa inyong pangangalaga. Para sa mga tala sa kalusugan ng isip at paggamot sa pagkagumon sa substanya, may pahintulot lang kami na ibahagi ang inyong PHI sa tumitingin sa inyo na doktor at sa mga indibidwal na pahihintulutan ninyong makatanggap ng inyong PHI.

Pananaliksik

Ang CSCHS ay isang institusyon ng pananaliksik at sa ilang mga pangyayari, maaari naming i-access, gamitin, at ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin ng pananaliksik, nang kinukuha o hindi kinukuha ang inyong awtorisasyon. Lahat ng proyektong pananaliklsik ay sinusuri sa ilalim ng espesyal na proseso ng pagrerepaso at pag-apruba upang balansehin ang mga pangangailangan ng pananaliksik at ang pangangailangan ng pasyente para sa pagkapribado.

Kadalasan, nakikipag-ugnayan sa mga pasyente ang aming mga mananaliksik tungkol sa kanilang interes sa paglahok sa ilang partikular na pag-aaral na pananaliksik. Maaaring magsagawa kami ng iba pang pag-aaral gamit ang inyong PHI nang hindi hinihingi ang pahintulot ninyo. Hindi maaapektuhan ng mga pag-aaral na ito ang inyong paggamot o kapakanan, at poprotektahan pa rin ang inyong PHI. Halimbawa, maaaring may kaugnay sa pag-aaral na pagsusuri sa chart upang maikumpara ang mga kinalabasan sa mga pasyente na tumanggap ng magkakaibang uri ng mga paggamot.

Pagpapalitan ng Impormasyon sa Kalusugan
Nakikilahok ang CSCHS sa isa o higit pang mga pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan (health information exchanges, HIE), kung saan maaari naming ibahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan, ayon a pinahihintulutan ng batas, sa mga iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan o entidad para sa pagkokoordina ng inyong pangangalaga. Pinahihintulutan nito na magkaroon ang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa iba't ibang pasilidad na nakikilahok sa inyong paggamot ng impormasyon na kailangan nila upang gamutin kayo.

Kung hindi ninyo gustong ibahagi ng CSCHS ang inyong impormasyon sa isang HIE, maaari kayong mag-opt out sa pamamagitan ng pagkumpleto sa opt-out form at pagsumite dito sa:
Health Information Management Services
ATTN: Release of Information Unit
751 S. Bascom Avenue
San Jose, CA 95128

Sasang-ayon ang CSCHS sa inyong kahilingan na mag-opt out, at magbubunsod ito para ihinto ng CSCHS ang pagbabahagi ng inyong PHI sa mga iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng HIE, bagama't maaari pa rin nilang ibahagi ang impormasyon para sa mga layunin ng paggamot sa pamamagitan ng mga iba pang mekanismo. Hindi ito makakapigil sa mga iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na ibahagi ang inyong impormasyon sa CSCHS sa elektronikong paraan, at hindi ito makakapigil sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan na nakatanggap na ng inyong impormasyon na itago ito. Upang pigilan ang mga iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pagbabahagi ng inyong impormasyon sa CSCHS, dapat kayong makipag-ugnayan mismo sa mga naturang provider. Kung mag-opt out kayo, maaari ninyong piliin na ipagpatuloy ang inyong pakikilahok sa pamamagitan ng pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa:
Health Information Management Services
ATTN: Release of Information Unit
751 S. Bascom Avenue
San Jose, CA 95128

Alinsunod sa Iniaatas Ng Batas
Ia-access, gagamitin, at ibabahagi namin ang inyong PHI kapag inatasan kami ng pederal, pang-estado, o lokal na batas na gawin iyon. Halimbawa, bilang tugon sa isang utos ng korte, maaaring atasan kaming maglabas ng impormasyon.

Marketing at Pagbebenta ng PHI

Hindi namin maaaring gamitin o ihayag ang inyong PHI para sa mga layunin sa marketing nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo. Hindi namin maaaring ibenta ang inyong PHI nang walang nakasulat na pahintulot mula sa inyo.

MGA ESPESYAL NA SITWASYON

Pag-donate ng Organ at Tissue

Sa ilang sitwasyon, maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa mga organisasyon na nangangasiwa sa pagkuha ng organ o pag-transplant ng organ, mata, o tissue o sa isang bank sa pag-donate ng organ, kung kinakailangan upang makatulong sa pag-donate at pag-transplant ng organ o tissue.

Serbisyo sa Militar at Mga Beterano

Kung kayo ay kasalukuyan o retiradong miyembro ng Sandatahang Lakas, ibabahagi namin ang inyong PHI kung inaatas ito ng mga awtoridad na nagbibigay ng utos sa militar. Halimbawa, maaari kaming maglabas ng PHI tungkol sa mga dayuhang sundalo sa mga naaangkop na awtoridad sa militar alinsunod sa pinahihintulutan o iniaatas ng batas.

Kabayaran sa Mga Manggagawa

Maliban sa ilang pagbubukod para sa impormasyon sa kalusugan ng isip at paggamot sa pagkagumon sa substansya, maaari naming ibahagi ang inyong PHI alinsunod sa pinahihintulutan ng batas para sa kabayaran ng mga manggagawa o mga katulad na programa kapag kinakailangan upang mabigyan kayo ng paggamot, mga serbisyo o mga benepisyo para sa mga pinsala o pagkakasakit na nauugnay sa trabaho.

Mga Panganib sa Kalusugan ng Publiko

Maaari naming ibahagi ang inyong PHI para sa mga layunin sa kalusugan ng publiko. Sa pangkalahatan, kabilang sa mga aktibidad na ito ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

- upang mapigilan o makontrol ang pagkakasakit (gaya ng cancer o tuberkulosis), pagkapinsala o pagkakaroon ng kapansanan;
- upang mag-ulat ng mga kapanganakan at kamatayan;
- upang iulat ang pang-aabuso o pagpapabaya sa mga bata, matanda, at dependent na nasa hustong gulang;
- upang mag-ulat ng mga reaksyon sa mga gamot, o problema sa mga produkto sa pangangalagang pangkalusugan;
- upang maabisuhan ang mga pasyente tungkol sa mga pag-recall, pag-aayos, o pagpapalit ng mga produktong maaaring ginagamit nila;
- upang maabisuhan ang isang tao na maaaring na-expose sa isang sakit o maaaring nanganganib na magkaroon o makapagpakalat ng sakit o kundisyon;

- upang maabisuhan ang naaangkop na awtoridad ng pamahalaan kung sa palagay namin ay biktima ng pang-aabuso, pagpapabaya, o domestikong karahasan ang isang pasyente. Ibabahagi lang namin ang inyong PHI kung sumasang-ayon kayo o kapag kinakailangan ito o pinahihintulutan ito ng batas.
- upang maabisuhan ang mga empleyado sa pagresponde sa emergency tungkol sa posibleng pagka-expose sa HIV/AIDS, hanggang sa kinakailangan upang sumunod sa mga batas ng estado at pederal na batas.

Mga Aktibidad ng Pangangasiwa sa Kalusugan
Maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa isang ahensya sa pangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan kung pinahihintulutan o iniaatas ng batas.

Mga Demanda at Hindi Pagkakaunawaan
Kung sangkot kayo sa isang demanda o hindi pagkakaunawaan, maaaring maghayag kami ng medikal na impormasyon tungkol sa inyo bilang tugon sa kautusan mula sa hukuman o administratibong kautusan. Maaari din kaming maghayag ng medikal na impormasyon tungkol sa inyo bilang tugon sa isang subpoena, kahilingan sa pagtuklas o iba pang naaayon sa batas na proseso ng ibang tao na nauugnay sa hindi pagkakaunawaan, pero kung mayroon lamang mga pagsisikap na sabihin sa inyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring may kasamang nakasulat na abiso sa inyo) o upang kumuha ng kautusang magpoprotekta sa impormasyong hiniling. Maglalabas lang kami ng mga tala sa kalusugan ng isip at paggamot sa pagkagumon sa droga at alak bilang tugon sa isang subpoena kapag nakatanggap kami ng kautusan mula sa hukuman o pahintulot mula sa pasyente.

Pagpapatupad ng Batas
Maaari naming ibahagi ang PHI kung hihingin na gawin namin ito ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas ayon sa pinahihintulutan o iniaatas ng batas kapag natutugunan ang ilang mga kondisyon. Ang mga talaan ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip at paggamot sa paggamit ng substansya ay nangangailangan ng mga karagdagang legal na proteksyon at hindi maaaring ilabas nang walang kautusan mula sa hukuman o pahintulot ng pasyente o kinatawan ng pasyente, maliban sa ilang partikular na limitadong sitwasyon alinsunod sa pinapayagan ng batas.

Mga Coroner, Medikal na Tagasuri at Funeral Director
Maaari naming ibahagi ang PHI sa isang coroner, medikal na tagasuri, o funeral director kapag namatay ang isang tao. Maaaring kailangan ito, halimbawa, upang kilalanin ang isang taong namatay o alamin ang sanhi ng pagkamatay. Maglalabas lang kami ng mga tala sa kalusugan ng isip at paggamot sa pagkagumon sa droga at alak sa coroner o medikal na tagasuri nang may kautusan mula sa hukuman o pahintulot mula sa pinakamalapit na kamag-anak ng pasyente.

Pambansang Seguridad at Intelligence Activities
Maaari naming ibahagi ang inyong PHI ayon sa pinahihintulutan o iniaatas ng batas para sa mga partikular na tungkulin ng gobyerno gaya ng pambansang seguridad at proteksiyon ng presidente.

Mga Bilanggo
Kung isa kayong bilanggo sa isang koreksyonal na institusyon o nasa kustodiya ng mga opisyal na nagpapatupad ng batas, maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa koreksyonal na institusyon o mga opisyal na nagpapatupad ng batas ayon sa pinahihintulutan at iniaatas ng batas.

Mga Pagtulong sa Panahon ng Sakuna
Maaari naming ibahagi ang inyong PHI sa isang organisasyon na nauugnay sa pagbibigay ng tulong kapag may sakuna upang malaman ng inyong pamilya ang tungkol sa kundisyon, katayuan, at lokasyon ninyo.

MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO
Nakalaan sa amin ang karapatang baguhin ang Abisong ito. Nakalaan sa amin ang karapatan na ipatupad ang nirebisa o binagong Abiso para sa PHI na mayroon na kami tungkol sa inyo, gayundin sa anupamang impormasyon na matatanggap namin sa hinaharap. Magpapaskil kami ng kopya ng kasalukuyang Abiso sa aming mga pasilidad. Ipapakita sa unang pahina ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng Abiso. Ang kasalukuyang abiso ay makukuha sa Notice of Privacy Practices (NPP) - Santa Clara Valley Medical Center - (scvmc.org)

MGA KATANUNGAN O REKLAMO
Ikinalulugod namin ang pagkakataong matugunan ang inyong mga tanong at alalahanin at malutas ang anumang reklamo na maaaring mayroon kayo tungkol sa pag-access, paggamit o paghahayag ng inyong PHI. Kung sa palagay ninyo ay nalabag ang inyong mga karapatan sa pagkapribado, maaari kayong maghain ng reklamo sa amin, o sa Kalihim ng Department of Health and Human Services. Upang maghain ng reklamo sa amin, dapat kayong makipag-ugnayan sa:

County of Santa Clara Health System
Attn: Chief Compliance Officer
Ethics, Privacy and Compliance Office
2325 Enborg Lane, Suite 290
San Jose, CA 95128
(408) 885-3794

Hindi kayo pagmumultahin nang dahil sa paghahain ng reklamo.